# ANG TATLONG-ANTAS NA KURSO NG PARTIDO

Ang 3-antas na kurso ng Partido ay isang pamalagian at saligang patakaran sa edukasyon ng ating Partido. Integral na bahagi ito ng ating gawain sa ideolohiya. Ito ay produkto ng at naglilingkod sa pangkalahatang linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido. Sa ganitong pakahulugan natin sinasabing saligang patakaran ito ng ating Partido. Ang bawat antas ng tatlong-antas na kurso ng Partido, ay naglalayong paunlarin ang kakayahan ng mga kadre at kasapi ng Partido na isabuhay ang Marxista-Leninistang paninindigan, pananaw at pamamaraan sa pagharap sa mga usapin at problema ng rebolusyong Pilipino.

Ang 3-antas na kurso ay bahagi ng pagsisikap ng ating Partido na magsanay ng daan-daang libong kasapi ng Partido na may kaalaman sa mga saligang dokumento ng Partido na nagsasanib ng unibersal ng teorya ng MLKMZ sa kongkretong kalagayan at praktika ng rebolusyong Pilipino at may kakayahang magsagawa ng ahitasyon sa kani-kanilang mga erya o saklaw ng pagkilos; ng sampu-sampung libong mga kadre at kasapi ng Partido na nakapagbasa at nakapag-aral ng mga piniling akda ng mga dakilang gurong komunista na may kaugnayan sa rebolusyong Pilipino at may kakayahan sa gawaing propaganda sa kani-kanilang saklaw; at ng libu-libong mga kadre ng Partido na may komprehensibo at malalim na kaalaman sa materyalismong diyalektiko at istoriko, sa kritika sa kapitalismo at modernong imperyalismo, sa rebolusyonaryong estratehiya at taktika, at sa mga prinsipyo ng syentipikong sosyalismo.

Ang batayang antas ay ang saligang pag-aaral sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Nagbibigay ito ng saligang kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas, katangiang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino, demokratikong rebolusyong bayan, namumunong uri, mga motibong pwersa, mga target, mga tungkulin at sosyalistang perspektiba ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino. Bahagi din nito ang panimulang pag-aaral sa mga saligang prinsipyo ng MLKMZ.

Ang intermedyang kurso ay ang mas masaklaw at mas malalim na pag-aaral sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino. Layon nitong palawakin at palalimin pa ang kaalaman ng mga kasapi ng Partido sa mga araling materyales ng batayang kurso. Nagpapalim ito sa pag-aaral sa ating rebolusyonaryong karanasan, sa mga problema at mga tungkulin sa pagbubuo ng Partido, ng hukbong bayan at nagkakaisang prente, sa gawaing pang-ekonomya, sa gawaing pang-kultura at

relasyong internasyunal. Ang pag-aaral sa istorikal na karanasan ng Partido, kasalukuyang sitwasyon, mga problema at mga tungkulin nito ay isinasagawa kaugnay ng mga saligang dokumento ng Partido, at ng seleksyon ng mga akda ni Kasamang Mao Zedong at iba pang dakilang komunista na pinakamahalaga at pinakakaugnay ng rebolusyong Pilipino.

Ang abanteng kurso ay nagbibigay ng masaklaw at malalim na kaalaman sa mga saligang prinsipyo ng proletaryong rebolusyon at proletaryong diktadura. Nagbibigay ito sa mga kadre ng Partido ng komprehensibo at malalim na kaalaman sa materyalistang pilosopya, materyalismong istoriko, kapitalista at sosyalistang ekonomyang pampulitika, syentipikong sosyalismo, pakikipagtunggali sa klasikal at modernong rebisyunismo, teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng proletaryong diktadura, sa kasaysayan at estratehiya ng internasyunal na kilusang komunista. Ang mga aralin ay mula sa mga turo ng mga dakilang komunistang paham na sina Marx, Engels, Lenin, Stalin, Mao at Ho. Layon ng pag-aaral sa abanteng kurso na makapagsanay ng kwerpo ng panggitna at mataas na antas ng mga kadre para sa pamumuno sa rebolusyon.

Ang batayan at intermedyang kurso ay itinakda ring integral na bahagi ng pagsasanay na pulitiko-militar na ibinibigay sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Pinapangasiwaan ng Kagawaran sa Edukasyon ng Pangkalahatang Kalihiman ang pagpapalaganap ng batayan at intermedyang kurso. Pinamumunuan at tuwirang hinahawakan ng Komite Sentral sa pamamagitan ng Rebolusyonaryong Paaralan sa Kaisipang Mao Zedong ang pagbibigay ng mga pag-aaral sa abanteng kurso.

Ang 3-antas na kurso ng Partido ay isang buhay at kongkretong pag-aaral sa rebolusyonaryong teorya at praktika. Tampok ang ganitong katangian ng 3-antas na kurso ng Partido bunga ng sumusunod na mayor na mga sirkunstansyang nakapaligid sa pagbubuo at pagpapatupad nito:

- Ang matagumpay na pagsasanib ng ating Partido sa unibersal na teorya ng MLKMZ sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino. Nailinaw nito ang kasaysayan ng Pilipinas, ang malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino, ang bagong demokratikong yugto ng rebolusyong Pilipino, ang namumunong uri, lahat ng mga motibong pwersa ng rebolusyon at mga kalaban nito, ang estratehiya at taktika ng digmang bayan, ang mga pangunahing tungkulin at ang sosyalistang perspektiba ng rebolusyong Pilipino. Bunga nito, nailatag ng Partido ang patnubay na teoretikal at pulitikal sa rebolusyonaryong kilusan.

- Ang una at kasalukuyang dakilang kilusang pagwawasto na pawang kilusang edukasyon sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino na pawang nagdiin sa kahalagahan ng at nagpayaman sa nilalaman ng tatlong-antas na kurso ng ating Partido. Ang tatlong-antas na kurso ng Partido ay nagsisilbi rin sa pagsusulong at pagtatagumpay ng mga nasabing kilusang pagwawasto.

- Ang puspusang pakikitunggali at pagtatakwil sa modernong rebisyunismo, laban sa rebisyunismo ng mga Lava, Pomeroy at mga amo nilang sina Khruschov at Brezhnev at hanggang sa pinakabagong mga anyo nito pagkatapos ng pagbagsak ng mga rebisyunistang rehimen sa dating Unyong Sobyet at mga bayan ng Silangang Europa na higit na nagpatalas at nagpahigpit sa pag-unawa ng Partido sa diktadura ng proletaryado at nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.

- Ang patuloy na pagpapayaman at pagpapaunlad sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino mula sa mga paglalagom sa karanasan mula sa iba't ibang laranagan at antas ng gawain na mga buhay na materyal para sa tatlong-antas na kurso ng Partido.

Naipirmi ang depinisyon at balangkas ng kurikulum ng tatlong-antas na kurso ng ating Partido noon pang Setyembre 1970. Gayunman, magmula noon ang tuluy-tuloy na napaunlad at tuluy-tuloy na naipalaganap ay ang batayang antas ng tatlong-antas na kurso. Sa pagbabalangkas ng batayang kurso ng Partido mula noong 1970 hanggang sa kasalukuyan, mataas na pagpapahalaga ang ibinigay sa paghahatid ng mga saligang dokumento at mga saligang prinsipyo ng MLKMZ sa simple at magaan na paraan para sa mga kasaping galing sa uring manggagawa at magsasaka. Tugon ito sa rekisitos na pang-ideolohiya sa pagbubuo ng Partido bilang isang Partidong may pangmasang katangian.

Mula noong 1970 hanggang unang hati ng dekadang sitenta ay nakapagdaos pa ng mga pormal na pag-aaral sa kursong intermedya sa antas ng ilang mga namumunong komite sa rehiyon at pambansang mga organo at ng abanteng kurso sa mas maliit na saklaw habang higit na naging laganap ang mga babasahing kaugnay ng nasabing mga kurso.

Noong huling bahagi ng dekadang sitenta, natugunan ang pagbabalangkas ng bagong batayang kurso ng Partido alinsunod sa memorandum ng KTKS 1975. Kasabay nito, muling nakapaglimbag at nakapagpalaganap ng mga saligang dokumento ng Partido. Nakapagbalangkas ng burador ng batayang kurso para sa

mga kadre (katumbas ng kursong intermedya) subalit ang pagpipinal dito ay nasagkaan na ng nagsisimula nang mga disoryentasyon, paglihis, di-pirming mga konsepto at pagsusuri sa karanasan. Binalak sanang lamnin ng batayang kurso sa mga kadre, kaalinsabay ng pag-aaral sa mga prinsipyong MLKMZ, ang pag-aaral sa mga patakaran, pagsusuri ng Partido kaugnay ng iba't ibang larangan ng gawain at mga usapin sa rebolusyonaryong kilusan. Ang naipinal at naipalaganap ay ang bahagi lamang ng kurso kaugnay ng aralin sa pagbubuo ng Partido.

Noong huling bahagi ng dekadang sitenta mayroon nang nagsimulang kumalat na lason sa ideolohiya na naging mayor na salik upang lumuwag ang paghawak sa istruktura ng tatlong-antas ng kurso ng ating Partido. May lumitaw nang pagmaliit sa unibersal na katotohanan ng Kaisipang Mao Zedong sa anyo ng pananaw na ang Kaisipang Mao Zedong ay teoryang aplikasyon lamang sa kalagayan ng Tsina at malaking kapahamakan ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Kaagapay nito ang nagsimulang pagkwestyon sa katangiang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino sa ika-8 Plenum ng Komite Sentral noong 1980 at mga "pagpapaunlad" sa partikular na katangian ng ating digmang bayan na kinabibilangan ng "higit na pagdidiin" sa kahalagahan ng ligal na pakikibaka sa mga eryang urban bunga ng pagsusuring marami at nakakalat ang mga eryang urban sa buong kapuluan at katugong pagraranggo sa armadong insureksyon bilang isang anyo ng pakikidigmang kahanay ng regular na pakikidigmang makilos, pakikidigmang gerilya at pakikidigmang partisano.

Hindi nagtagal, noong 1981, higit na nasistematisa ang paglihis sa linya sa linyang SCO, na nagbukas ng katakut-takot na mga haka-haka at pagtatangkang "paunlarin" ang estratehiya at taktika ng rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas. Ang pagbuwag sa Komisyon sa Edukasyon at Propaganda noong 1982 ay naging dagdag na salik upang lalong mapabayaan ang pagbabalangkas ng intermedya at abanteng kurso Partido at di masubaybayan at matugunan ang unti-unting pagkawala sa sirkulasyon ng mga saligang dokumento ng Partido at mga saligang babasahin para sa tatlong-antas na kurso ng Partido.

Sa ganitong kalagayan, ang mga pag-aaral sa Batayang Kurso ng Partido ay nalangkapan ng pagpapalaganap sa maling linya, mga disoryentasyon at paglihis. At habang nagtatagal ang pag-iral ng mga paglihis, ng kaliwa at oportunistang linya, ay lumalabnaw din ang mga pag-aaral sa BKP sa maraming erya at bahagi ng organisasyon ng Partido, hanggang sa matapyasan nang matapyasan ang mga paksa nito bunga ng pagkagahol sa mga kampanyang masa, kampanyang pol-mil, regularisasyon at kawalan ng makinarya sa gawaing edukasyon. Nabasbasan ito ng Kumperensya sa Gawaing Edukasyon noong 1986. Sa pag-aakalang maaaring

tugunan ng programa sa ibayong pagpapasigla sa edukasyong pampulitika ang mga paksang kaugnay ng Lipunan at Rebolusyong Pilipino na di na makayanang matapos, pinahintulutan ng Kumperensya ang umiiral nang pagtapyas ng mga paksa sa BKP sa mga nag-ulat nang ganito na mga bahagi ng organisasyon ng Partido. Subalit sa kasamaang palad, naging limitado rin ang nagawang pagpapasigla sa edukasyong pampulitika bagamat naging daan ang programa dito ng Kumperensya sa Edukasyon ng 1986 upang itaguyod at ipalaganap ang mahahalagang akdang nagpapatibay sa mga saligang prinsipyo ng Partido at salungat sa mga lihis at maling pagsusuri at pananaw tulad ng Krisis at Rebolusyong Pilipino at Hinggil sa Transisyon. Kung muling susuriin, hindi maaaring maging kapalit ng edukasyong pampulitika sa lipunan at rebolusyong Pilipino ang pag-aaral sa antas ng Partido ng lipunan at rebolusyong Pilipino bilang pangkalahatang linya ng ating Partido. Higit pa, rumaragasa na ang mga paglihis, ang maling linya at mga disoryentasyon na siyang umookupa sa espasyong nakalaan para sa pag-aaral sa mga saligang dokumento at saligang mga babasahin ng Partido.

Nagbalangkas ng Ispesyal na Kurso Para sa Pamumunong Pampulitika na sasaklaw sa pag-aaral sa Rebolusyong Ruso, Tsina at Byetnames subalit hindi nabuo ang kurso at nalimita lamang sa pag-aaral sa Rebolusyong Ruso. (see Reaffirm...). Nakamit nito sa pangkalahatan ang layuning makatulong sa pagbaka sa mga insureksyunistang pananaw kaugnay ng Pag-aalsang Edsa at maling pagsusuring liberal demokrata ang rehimeng Aquino na naging laganap sa NCR at iba pang bahagi ng organisasyon ng Partido. Subalit ang saligang depekto ng disenyo ng kurso na nagsimula sa pag-aaral ng Kasaysayan ng CPSU at mga akda ni Lenini nang hindi matibay na nailalatag muna ang saligang mga prinsipyo at kalagayan ng rebolusyong Pilipino ay naging bulnerable sa dogmatismo na sa pinakamasahol ay nasamantala ng mga tulad ng taksil na si Lagman at di man sadya ay nakaengganyo din sa ilang insureksyunistang pananaw. Nagtangka ding isaayos ang Batayang Kurso ng mga Kadre at Abanteng Kurso noong 1987 subalit naunahan ito ng pagkabuwag ng Pambansang Kagawaran sa Edukasyon bunga ng mga hulihan at iba pang kagyat na hinarap na mga suliranin at gawain.

Nang muling mabuo ang Paked noong 1989, nagsikap na buuin ang kurikulum ng tatlong-antas na kurso alinsunod sa balangkas na inamyendahan at sinang-ayunan ng KTKS. Subalit, bago pa nakaabante sa pagpapalaman sa kurikulum, muling nabuwag ang Paked bunga ng pagkaaresto kasunod na pagsurender ng natitirang kagawad nito. Naimpluwensyahan din ng Gorbachovismo ang Paked at isang salik sa pagsurender ng isang
kagawad nito ay ang pesimismo sa hinaharap ng rebolusyon at ng sosyalismo.

Lumitaw ang tipo ng edukasyon at mga babasahin sa loob ng Partido na eklektiko at nagsisilbi sa kaliwa at kanang oportunistang linya. Ang pinakamasasahol na mga kaso ng paglihis sa edukasyon ng Partido na produkto ng kaliwa at kanang pagkakamali ay makikita sa sumusunod:

- Ang kursong Leninista ng pangkating Popoy na ginamit na behikulo upang ipalaganap ang mga kwestyon at pagdududa sa linya, estratehiya at taktika ng Partido. Mga halimbawa ng ipinalaganap na mga atake ay ang: "ang punyal na ipinangsaksak sa mga Lava ay may mikrobyo ng Leftism"; "wasto ang linyang dala-dala ni Popoy noong 1978 na pinatunayan ng mga pangyayari sa Edsa 1986"; "sosyalismo ang oryentasyon ng kilusang manggagawa"; Ginamit din itong batayang kurso para sa pagrerekluta ng "kasapi" ng Partido ng walang anumang batayang pag-aaral sa pangkalahatang linya ng Partido; Ang edukasyong pangmasa na binalangkas ng pangkating Popoy sa mga kursong "Lunas sa Kahirapan" at "Marxismo at Rebolusyong Pilipino" ay pawang sadyang nagkaltas sa pagtalakay sa demokratikong rebolusyong bayan at sa estratehiya ng digmang bayan;

- ang nirebisang BKP ng pangkating Tabara-Lopez-Etabag sa Negros na nagtaguyod ng insureksyunismo, anti-Stalinismo at iba pang maling linya;

- ang mga lektura sa pag-aaral ng pangkating Gonzales-Quimpo-Reyes noong 1991 na laban sa estratehiya ng digmang bayan at nagtataguyod sa modernong rebisyunismong Dengista at Gorbachovista;

- ang mga kurso tungkol sa insureksyon sa Mindanaw at Gitnang Luzon;

- pagpapauso ng sari-saring mga babasahing di Marxista bilang mga sanggunian at kapalit na mga babasahing Mao Zedong para diumano sa "pagpapaunlad" ng estratehiya ng digmang bayan ng Pilipinas. Kabilang dito ang Fire in the Americas; mga libro ni Chaliand, Gramsci, Althusser, Gorbachov at iba pa.

Ang ikalawang dakilang kilusang pagwawasto na puspusang tumunggali at nagtakwil sa mga kaliwa at kanang oportunistang mga pagkakamali sa nakaraang mahigit isang dekada at muling nagpatibay sa mga saligang prinsipyo ng ating Partido ay muli ring nagpatibay sa tatlong-antas na kurso ng ating Partido. Sa pamamagitan lamang ng muling pagpapatibay sa wastong linya at pagtatakwil sa

maling linya muling napatibay ang pinagmumulan, salalayan at pinaglilingkuran ng ating mga kurso sa edukasyon.

Sa ika-10 Plenum ng Komite Sentral noong Hulyo 1992 pinagtibay ang balangkas ng kurikulum ng tatlong-antas na kurso, inamyendahan ng KPKS ng 1993 at higit pang isinaayos ng KTKS. Nasa ibaba ang kurikulum ng tatlong-antas na kurso na isinaayos ng KTKS.

---

## KURIKULUM NG TATLONG-ANTAS NA KURSO NG PARTIDO

### BATAYANG KURSO

*(Lipunan at Rebolusyong Pilipino)*

***AKLAT I***

I. INTRODUKSYON: Ang Proletaryong Paninindigan at Pananaw sa Rebolusyon

B. Ang simulain ng buung-buo at lubos na paglilingkod sa sambayanan ang buod ng pandaigdigang pananaw ng mga komunista.

1. Bakit pundamental at mapagpasya ang katanungang para kanino sa bawat rebolusyonaryo?
2. Bakit hindi malaya kailanman ang mga rebolusyonaryo sa tunggalian ng dalawang kaisipan at tunggalian ng dalawang linya?
3. Ano ang kahulugan ng buung-buo at lubos na paglilingkod sa sambayanan?
4. Ano ang kahulugan ng pagkakaroon ng walang-hanggang pagpagpapahalaga sa tungkulin?
5. Ano ang dapat nating paninindigan ukol sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili?
6. Ano ang dapat nating paninindigan ukol sa mga kahirapan at kagipitan at sa kamatayan?
7. Ano ang dapat nating pagtingin sa mga kasama?
8. Ano ang dapat nating pagtingin sa masa?
9. Ano ang dapat nating pagtingin sa usapin ng pagpapalaya ng ibang mamamayan ng daigdig?

C. Ang puspusan, walang-pagkapagod at tuluy-tuloy na pagpupunyagi sa wastong linya at pagpapalaganap nito sa mamamayan upang yakapin at itaguyod nila ang wastong aktitud at batayan ng pakikipag-ugnayan sa masa ng mga Komunista.

1. Ano ang ibig sabihin ng linyang masa at pagtataguyod dito?
2. Ano ang tungkulin ng mga Komunista sa pagtataguyod sa obhetibong interes ng mamamayan?
3. Bakit kailangang mabuklod ang pagkakaisa ng mamamayan at pakikipagkaisa dito ng mga Komunista?
4. Ano ang aktitud sa pagtataguyod sa linya ng Partido?
5. Ano ang pangunahing agos sa daigdig? Bakit tiyak na mabibigo ang mga reaksyunaryo?

K. Ang pagtataguyod sa masiglang tunggaliang pang-ideolohiya sa loob ng Partido, ang mulat at puspusang pagbaka sa mga tendensya ng liberalismo, indibidwalismo, suhetibismo ay tatak ng bawat tapat, tunay, masigasig at matuwid na Komunista. Siya ay huwaran sa pagpapanibagong-hubog sa sarili, pagpapatupad ng disiplina, pagpapaunlad ng demokrasya at pagpapatibay ng panloob na pagkakaisa ng Partido.

1. Ano ang liberalismo? Anong kasamaan ang idinudulot nito sa Partido at masa? Paano natin babakahin ito?
2. Ano ang labis na demokrasya? Anong kasamaan ang idinudulot nito sa Partido? Paano natin babakahin ito?
3. Ano ang labis na pagkakapantay-pantay? Ano ang idinudulot nito sa Partido? Paano natin babakahin ito?
4. Ano ang iba pang mga pagpapakita ng indibidwalismo na nagpapahina ng kakayahan ng Partido sa pakikibaka? Paano natin babakahin ang mga ito?
5. Ano ang suhetibismo? Ano ang kasamaang idinudulot nito sa Partido at masa? Paano natin babakahin ang suhetibismo?

D. Ang proletaryong internasyunalismo ay pakikipagkaisa at pagtataguyod sa interes ng proletaryado sa buong daigdig, patnubay na prinsipyo sa proseso ng pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika ng proletaryado sa kani-kanilang bansa, salungat sa sobinismo at makitid na nasyunalismo.

1. Bakit internasyunalista ang isang Komunista?

2. Ano ang mga tipo ng nasyunalismo? Ano ang nasyunalismong hindi salungat sa internasyunalismo?
3. Paano maipapakita ang diwa ng proletaryong internasyunalismo sa pagkilos ng bawat Komunista?

*Mga Babasahin:*

1. Limang Gintong Silahis (Paglingkuran ang Sambayanan, Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng Bundok, Sa Alaala ni Norman Bethune, Bakahin ang Liberalismo at Hinggil sa Pagwawasto sa mga Maling Ideya sa Loob ng Partido.
2. Seksyon II ng Manipesto ng Partido Komunista, "Ang mga Proletaryo at mga Komunista", Marx at Engels
3. Mga piling Memorials sa mga martir ng rebolusyong Pilipino.

II. **PANIMULANG PAG-AARAL:** Mga Saligang Prinsipyong Marxista-Leninista

A. Materyalismong Diyalektiko

*Pambungad:*

1. Ang Dalawang Pananaw sa Daigdig
2. Ang Teorya ng Materyalismong Diyalektiko Tungkol sa Kaalaman
3. Ang Diyalektikong Pag-unlad ng mga Bagay

C. Materyalismong Istoriko

*Pambungad:*

1. Ang materyalismong istoriko at ang ideyalistang pananaw sa kasaysayan
2. Ang mga uri at tunggalian ng mga uri: ang batayan sa ekonomya
3. Estado at Rebolusyon
4. Kultura
5. Sosyalismo at Diktadura ng Proletaryado

K. Ekonomyang Pampulitika

*Pambungad:*

1. Ang kapitalistang pagsasamantala sa mga manggagawa
2. Ang mga krisis ng kapitalismo at ang sosyalismo
3. Ang pagsasamantala sa mga magsasaka at manggagawang bukid
4. Rebolusyong agraryo at sosyalismo sa kanayunan

D. Imperyalismo

*Pambungad:*

1. Mga saligang katangian ng imperyalismo
2. Ang proletaryong rebolusyong pandaigdig sa panahon ng imperyalismo

## *AKLAT II:* **LIPUNAN AT REBOLUSYONG PILIPINO**

A. Kasaysayan ng Pilipinas

*Pambungad:*

1. Ang Pilipinas at ang sambayanang Pilipino
2. Ang mamamayan pagdating ng kolonyalistang Espanyol
3. Ang kolonyalismong Espanyol at ang Pyudalismo
4. Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896
5. Ang kolonyal na paghahari ng imperyalismong US
6. Ang pakikibaka ng bayan laban sa mananalakay na Hapones
7. Ang papet na republika mula 1946

*Mga Babasahin:*

1. "Pangkasaysayang Ugat ng Krisis ng Pilipinas," una sa serye ng mga lektyur sa Krisis at Rebolusyong Pilipino, Jose Ma. Sison
2. Kabanata I, Lipunan at Rebolusyong Pilipino, "Maikling Kasaysayan ng Sambayanang Pilipino", Amado Guerrero

B. Ang mga uri sa lipunang malakolonyal at malapyudal at ang krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal

*Pambungad:*

1. Paano kinikilala ang mga uri?
2. Ang mga uri sa lipunang Pilipino

   - Ang uring panginoong maylupa
   - Ang burgesya
   - Ang uring magsasaka
   - Ang proletaryado
   - Ang malaproletaryado at lumpen-proletaryado
   - Ang mga ispesyal na grupo sa lipunan

3. Ang krisis ng ekonomyang malapyudal
4. Ang krisis ng estadong malakolonyal
5. Ang krisis ng kulturang Pilipino
6. Ang krisis sa relasyong internasyunal

*Mga Babasahin*:

1. "Classes in Philippine Society;" in Chapter 3 of PSR
2. Chapters 2 to 5 of PCR
3. On the Mode of Production
4. "National and Class Freedom," Struggle for National Democracy (SND)
5. "The Mercenary Tradition in the AFP," SND
6. "Basic Problems of the Filipino People," Chapter 2 of PSR.

## K. Ang Demokratikong Rebolusyong Bayan

*Pambungad:*

1. Ang katangian ng demokratikong rebolusyong bayan
2. Ang estratehiya ng digmang bayan at ang makauring batayan nito
3. Ang Partido Komunista ng Pilipinas
4. Ang Hukbong Bayan
5. Ang Pambansang Nagkakaisang Prente
6. Ang Programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

*Mga Babasahin:*

1. 1968 CPP Program for a People's Democratic Revolution: "The People's Democratic Revolution"
2. Chapter 3 of PSR

3. Chapters 6 to 10 of PCR ("The New Democratic Movement," "Economic Development," "A National, Scientific and Mass Culture," "Independent Foreign Policy" and "Prospects of the Philippine Revolution")
4. 1992 Draft Program of the CPP, "Persevere in Struggle, Accumulate Victories".

## *AKLAT III:* ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

D. Ang PKP
E. Ang IDKP

*Mga Babasahin:*

---

## INTERMEDYANG KURSO

(Tungkol sa Teorya at Praktika ng Rebolusyong Pilipino nang may Pagsangguni sa Teorya at Praktika ng mga Rebolusyon sa Ibang Bansa)

I. **INTRODUKSYON**: Overview sa teorya at praktika ng mga rebolusyon sa mga kolonya at malakolonya, partikular ang mga rebolusyong Tsino at Byetnames at ang rebolusyong Pilipino.

### II. PAGBUBUO NG PARTIDO

A. Maikling Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas
B. Linya sa Ideolohiya: Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong
K. Linya sa Pulitika: 2-yugtong rebolusyon; Linya sa mga uri, programa at mga pwersa ng kasalukuyang yugto ng demokratikong rebolusyong bayan
D. Linya sa Organisasyon: Demokratikong Sentralismo
E. Kasalukuyang sitwasyon, mga problema, komparatibo o kaugnay na mga sitwasyon at prospek

*Minimum na Babasahing mga Dokumento ng Partido*:

1. Rectify Errors and Rebuild the Party, 1968 Party Constitution and Program for a People's Democratic Revolution
2. Our Urgent Tasks
3. Summing Up our Experience After Three Years (1972)
4. Brief History of the CPP (1988 Anniversary Statement); 20th at 25th
5. Reaffirm Our Basic Principles and Rectify Errors
6. 1992 Draft Party Constitution and Program.

*<u>Dagdag na mga Babasahing Dokumento ng Partido</u>:*

1. Organizational Guide
2. Omnibus Reply
3. Pormeroy's Portrait: A Portrait of a Revisionist Renegade
4. "Uphold the Leadership of the Proletariat in the Revolution and Go Deep Among the Masses of Workers", AB 1975
5. Ideologies in the Philippines (1988)
6. Pahayag sa Ika-21 Anibersaryo ng Muling Pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas
7. "Lead the Masses, Launch the Offensives" (22nd CPP Anniversary Statement)
8. "Reaffirm Our Basic Principles and Carry the Revolution Forward" (23rd CPP Anniversary Statement)

*<u>Minimum na Babasahing MZT</u>:*

1. On Correcting Mistaken Ideas in the Party (Vol. I)
2. Reform Our Study (Vol. III)
3. Rectify the Party's Style of Work (Vol. III)
4. Oppose Stereotyped Party Writing (Vol. III)
5. Some Questions Concerning Methods of Leadership (Vol. III)
6. On Setting Up a System of Reports (Vol. IV)
7. On Strengthening the Party Committee System (Vol. IV)
8. Methods of Work of Party Committees (Vol. IV)

*<u>Dagdag na Babasahing MZT</u>:*

1. The Role of the Chinese Communist Party in the National War (Vol. II)
2. The Chinese Revolution and the Chinese Communist Party (Vol. II)
3. On New Democracy (Vol. II)
4. Our Study and the Current Situation (Vol. III)
5. On the Great Victory in the Northeast and on the New Type of Ideological Education Movement (Vol. IV)
6. On the People's Democratic Dictatorship (Vol. IV)
7. The Bankruptcy of the Idealist Conception of History (Vol. IV)

## III. PAGBUBUO NG HUKBONG BAYAN

A. Ang Armadong Pakikibaka sa Pambansa-Demokratikong Pakikibaka; Ang Teorya ng Digmang Bayan
B. Ang Bagong Hukbong Bayan
C. Ang Reporma sa Lupa
D. Baseng Masa: Mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika

E. Kasalukuyang sitwasyon, mga problema, komparatibo at kaugnay na mga sitwasyon at prospek

*Minimum na Babasahing mga Dokumento ng Partido*:

1. Mga Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan (1969)
2. Gabay Pang-organisasyon
3. Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa
4. Gabay sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan
5. Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan
6. Ang Mahigpit Nating Mga Tungkulin
7. Mga Tungkulin ng Kilusang Magbubukid sa Dekadang 1990 (REBOLUSYON, Blg.2 Serye 1991)

*Dagdag na mga Babasahing Dokumento ng Partido*:

1. "Land Reform and National Democracy," SND
2. "The Mercenary Tradition in the AFP," SND
3. Marcos Land Reform—A Big Hoax, AB 1972
4. 1977 Eastern Visayas Report
5. Mindanao Social Investigation Report
6. The Losing Course of the AFP (1984)
7. On the CPP and Armed Revolution (1984)
8. Cracks in the AFP (1985)
9. Land Reform and the Peasant Movement (1985)
10. Message to the KMP Founding Congress (1985)

*Minimum na mga Babasahing MZT*:

1. Problems of Strategy in China's Revolutionary War (Vol. I)
2. Problems of Strategy in Guerilla War Against Japan (Vol. II)
3. On Protracted War (Vol. II)
4. Concentrate a Superior Force to Destroy the Enemy Forces One By One (Vol. IV)
5. The Democratic Movement in the Army (Vol. IV)

*Dagdag na mga Babasahing MZT*:

1. Report on an Investigation of the Peasant Movement in Hunan (Vol I); seksyong "Fourteen Great Achievements"
2. Why Is it that Red Political Power Can Exist in China? (Vol. I)
3. The Struggle in the Chingkang Mountains (Vol. I)
4. A Single Spark Can Start a Prairie Fire (Vol. I)
5. Problems of War and Strategy (Vol. II)
6. Get Organized (Vol. III)

## IV. PAGBUBUO NG PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE

A. Linyang Sa mga Uri sa Nagkakaisang Prente
B. Ang NDF at ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika
C. Kilusang Mapagpalaya ng Kababaihan
D. Usapin ng Pambansang Minorya
E. Ang kilusang urban at mga ligal na alyansa
F. Kasalukuyang sitwasyon, mga problema, komparatibo at kaugnay na mga sitwasyon at prospek

*Minimum na Babasahing mga Dokumento ng Partido:*

1. Artikulo sa 1992 Burador na Saligang Batas ng PKP tungkol sa nagkakaisang prente
2. Seksyon ng dokumento ng kilusang pagwawastong "Muling Pagtibayin ang ating Saligang mga Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali" kaugnay ng nagkakaisang prente
3. Direktiba ng KT-KS Hinggil sa Relasyon ng Partido sa BHB at sa Nagkakaisang Prente

*Dagdag na mga Babasahing Dokumento ng Partido:*

1. "National Freedom and Class Freedom," SND
2. "Land Reform and National Democracy (SND)
3. "The Labor Movement," (SND)
4. "The Economic Emancipation Movement Against US Imperialism," (SND)
5. "The Role of Recto," (SND)
6. Gabay sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan
7. 1973 12-Point Guidelines to the NDF Prepcom
8. NDF Programs 1977 and 1984
9. Our Policy on the Moro People's Struggle," AB 1977
10. Message to JAJA, 1983
11. Message to the CORD, 1983
12. Message to KOMPIL, 1984
13. "Unite to Dismantle the Marcos Dictatorship and Establish the Democratic Coalition Government."

*Minimum na mga Babasahing MZT:*

1. Win the Masses in their Millions for the Anti-Japanese National United Front (Vol. I)
2. On the Question of Independence and Initiative in the United Front (Vol. II)
3. Unite All Anti-Japanese Forces and Combat the Anti-Communist Die-Hards (Vol. II)
4. On the Question of Political Power in the Anti-Japanese Base Areas (Vol. II)
5. Current Problems of Tactics in the Anti-Japanese United Front (Vol. II)
6. On the Peace Negotiations with the KMT Circular of the CC of the CPC (Vol. IV)
7. On the Chungking Negotiations (Vol. IV)

*Dagdag na Babasahing MZT:*

1. On Tactics Against Japanese Imperialism (Vol. I)
2. On New Democracy (Vol. II)
3. On Policy (Vol. II)
4. On Coalition Government (Vol. III)
5. Address to the Preparatory Committee of the New Political Consultative Conference (Vol. IV)
6. On the People's Democratic Dictatorship (Vol. IV)

## V. GAWAING PANG-EKONOMYA

A. Produksyon sa mga larangang gerilya
B. Produksyon sa mga eryang urban
C. Gawaing Pinansya
D. Kasalukuyang sitwasyon, mga problema, komparatibo at kaugnay na mga sitwasyon at mga prospek.

*Minimum na mga Babasahing Dokumento ng Partido:*

1. Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa
2. NFC Guidelines and Paper on Socio-Economic Work

*Minimum na mga Babasahing MZT:*

1. Be Concerned with the Well-Being of the Masses, Pay Attention to Methods of Work (Vol. I)
2. Economic and Financial Problems in the Anti-Japanese War (Vol. III)
3. Get Organized (Vol. III)
4. Spread the Campaigns to Reduce Rent, Increase Production and "Support the Government and Cherish the People" in the Base Areas (Vol. III)
5. We Must Learn to Do Economic Work (Vol. III)
6. Production Is Also Possible in Guerrilla Zones (Vol. III)
7. On Production by the Army for Its Own Support and on the Importance of the Great Movements for Rectification and for Production (Vol. III)
8. Rent Reduction and Production Are Two Important Matters for the Defense of the Liberated Areas (Vol. IV)
9. Different Tactics for Carrying Out the Land Law in Different Areas (Vol. IV)
10. Correct the "Left" Errors in Land Reform Propaganda (Vol. IV)
11. On the Policy Concerning Industry and Commerce (Vol. IV)
12. On the Question of the National Bourgeoisie and Enlightened Gentry (Vol. IV)
13. The Work of Land Reform and Party Consolidation (Vol. IV).

*Dagdag na mga Babasahing MZT:*

1. Pay Attention to Economic Work (Vol. I)

2. How to Differentiate Classes in the Rural Areas (Vol. I)
3. Our Economic Policy (Vol. I)
4. Essential Points in Land Reform in the New Liberated Areas (Vol. IV)

## VI. GAWAING PANGKULTURA

A. Edukasyong Pangmasa: Kabataan at May-gulang na
B. Mga likhang kultural at mga presentasyon
C. Pangangalaga sa Kalusugan at Palakasan
D. Kasalukuyang sitwasyon, mga problema, komparatibo o kaugnay na mga sitwasyon, at mga prospek

*Minimum na Babasahing mga Dokumento ng Partido:*

1. "The Tasks of the Second Propaganda Movement," (SND)
2. "The Need for a Cultural Revolution," (SND)
3. "A National, Scientific and Mass Culture," (PCR)
4. Materials of CPP, NPA, NDF & mass organizations pertinent to cultural work.

*Dagdag na mga Babasahin:*

1. "The October 24th Movement," (SND)
2. "Towards a National Democratic Teachers' Movement," (SND)
3. "Youth on the March," (SND)
4. "Message to the League of Editors for a Democratic Society," (SND)
5. "Message to Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto," (SND)
6. "Message to PAKSA on the Tasks of Cadres in the Cultural Field," (SND)
7. "Message to MAKIBAKA on the Women's Liberation Movement," (SND)
8. "Intensify the Struggle for National Democracy and Consolidate the League of Filipino Students"
9. The First Quarter Storm of 1970
10. "On Cultural Work Among the Workers"
11. "The University of the Philippines (An Assessment)"
12. "Literature and Commitment", JMS
13. "In Commemoration of the First Quarter Storm"
14. "Message to GABRIELA on Women's Liberation (1983)"

*Babasahing MZT:*

1. The May Fourth Movement (Vol. II)
2. The Orientation of the Youth Movement (Vol. II)
3. Recruit Large Numbers of Intellectuals (Vol. II)
4. Talks at the Yenan Forum on Art and Literature (Vol. III)
5. The United Front in Cultural Work (Vol. III)
6. A Talk to the Editorial Staff of the Shansi-Suiyuan Daily (Vol. IV).

## VII. GAWAING INTERNASYUNAL

A. Gawaing Pang-solidaridad: Ugnayan sa mga Partido at Organisasyon ng mga Mamamayan sa Ibayong-dagat
B. Gawaing Proto-Diplomatiko at Diplomatiko
C. Gawain sa mga Pilipinong nasa Ibayong-dagat
D. Kasalukuyang sitwasyon, mga problema, komparatibo o kaugnay na mga sitwasyon, at mga prospek

*Minimum na mga Babasahing Dokumento ng Partido*:

1. International section of "Reaffirm Our Basic Principles and Carry the Revolution Forward" (1991 Anniversary Statement)
2. Theses on the World Situation, submitted by the CPP for the International Conference of Marxist-Leninist Organizations
3. Instructions Re IPO to the ID and Its Standing Committee, 15 May 1992
4. Selected Major ID Documents

*Dagdag na mga Babasahing Dokumento ng Partido*:

1. "US Imperialism and Revolutionary Internationalism," (SND)
2. Guidelines of the CPP On International Relations
3. Independent Foreign Policy, PCR
4. (1988) The World Situation and Our Line
5. Selected Major ID Documents
6. International Section of the 1990 CPP Anniversary Statement

*Babasahing MZT*:

1. On the International United Front Against Fascism (Vol. III)
2. Some Points in the Appraisal of the International Situation (Vol. IV)
3. Revolutionary Forces of the World Unite, Fight Against Imperialist Aggression (Vol. IV)

# ABANTENG KURSO

*(Tungkol sa Teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo)*

## I. INTRODUKSYON

A. Ang yugto ng Marxismo

B. Ang yugto ng Marxismo-Leninismo
C. Ang yugto ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

*Minimum na mga Babasahin:*

1. Manipesto ng Partido Komunista, Karl Marx at Frederick Engels
2. Ang Tatlong Pinagmulan at Tatlong Sangkap na Bahagi ng Marxismo, V.I. Lenin
3. Tungkol kay Marx, F. Engels
4. Humahango ng Inspirasyon sa Komuna ng Paris ang ating Partido (AB)
5. Parangal sa Dakilang Komunistang si Mao Zedong, Amado Guerrero

*Dagdag na mga Babasahin:*

1. "Sa Ika-60 Anibersaryo ng Dakilang Rebolusyong Oktubre", PKP, 1977
2. Tungkol sa Leninism, J. V. Stalin
3. Tungkol sa Usapin kay Stalin, CPC

## II. MATERYALISMONG DIYALEKTIKO

A. Ang Materyalista vs. Ideyalistang Pilosopya
B. Materialismong Diyalektika
C. Teorya ng Kaalaman

*Minimum na mga Babasahin:*

1. Mga sipi mula sa Dialectics of Nature at Anti-Duhring, F. Engels
2. Mga sipi mula sa Materialism and Empirio-Criticism, V.I. Lenin
3. "On Dialectical and Historical Materialism," J. V. Stalin
4. "Hinggil sa Kontradiksyon," Mao Zedong, Vol.I
5. "Hinggil sa Praktika", Mao Zedong Vol. I
6. "Saan Nanggagaling ang Wastong mga Ideya?", Mao Zedong

*Dagdag na mga Babasahin:*

1. Dialectics of Nature
2. Materialism and Empirio-Criticism

## III. MATERYALISMONG ISTORIKO

A. Ang Materyal na Batayan ng Lipunan
B. Ang Superistruktura ng Lipunan
C. Ang mga Uri at ang Tunggalian ng mga Uri sa Iba't Ibang Pormasyong Panlipunan

*Minimum na mga Babasahin:*

1. Mga sipi mula sa Contribution to the Critique of Political Economy, K. Marx
2. Mga sipi mula Anti-Duhring, F. Engels
3. Estado at Rebolusyon, V.I. Lenin
4. Dalawang Taktika ng Sosyal-Demokrasya, V.I. Lenin
5. Kaliwang-Komunismo, Sakit ng Kamusmusan, V.I. Lenin
6. Mga Pundasyon ng Leninismo, J. V. Stalin
7. "Pagsusuri sa mga Uri sa Lipunang Tsino", Mao Zedong

## IV. EKONOMYANG PAMPULITIKA

A. Kritika ni Marx sa Kapitalismo
B. Kritika ni Lenin sa Monopolyong Kapitalismo
C. Kolonyalismo, Imperyalismo at Neokolonyalismo

*Minimum na mga Babasahin:*

1. "Wages, Prices and Profit", K. Marx
2. Mga sipi mula sa Capital, K. Marx
3. Imperialism, The Highest and Final Stage of Capitalism, V.I. Lenin

*Dagdag na mga Babasahin:*

1. Tatlong Bolyum ng Capital
2. Mga akdang Marxista-Leninista sa ekonomyang pampulitika

## V. SYENTIPIKONG SOSYALISMO

A. Makauring Diktadura ng Proletaryado at Sosyalistang Demokrasya
B. Mga Aral sa Sosyalistang Rebolusyon at Konstruksyon
C. Ang mga Problema ng Burukratismo at Modernong Rebisyonismo
D. Ang Teorya ng Nagpapatuloy na Rebolusyon at ang Kinabukasang Komunista

*Minimum na mga Babasahin:*

1. Manipesto ng Partido Komunista, K. Marx at F. Engels
2. Anti-Duhring, F. Engels
3. Mga sipi mula sa Socialism: Utopian and Scientific
4. "Critique of the Gotha Program", K. Marx
5. State and Revolution, V.I. Lenin
6. Two Tactics of Social Democracy, V.I. Lenin

7. Economic Problems of Socialism, J. V. Stalin
8. "On the Correct Handling of Contradictions Among the People", Mao Zedong
9. Stand for Socialism Against Modern Revisionism, CPP, 1992

## VI. ANG SITWASYONG INTERNASYUNAL

A. Ang Pandaigdigang Sistemang Kapitalista
B. Ang Kilusang Anti-imperyalista
C. Ang Kilusang Sosyalista

*Minimum na mga Babasahin*:

1. "Theses of the CPP for the International Conference of Marxist-Leninist Organizations"
2. International Section of "Reaffirm Our Basic Principles and Carry the Revolution Forward"
3. Stand for Socialism Against Modern Revisionism
4. Sorting Out Contradictions
5. Current Prounouncements of the CPP and other Marxist-Leninist parties on the world situation

*Dagdag na mga Babasahin*:

1. The World Situation and Our Line, CC-CPP (1988)
2. International Sections of 1990 CPP Anniversary Statement
3. The US and the Third World (1988).

Pangkalahatang Kalihiman
Setyembre 1995